Ministery ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng mga Kasanayan (Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development)

Mga Oras ng Trabaho at Bayad sa Overtime

> **Pagtatatuwa:** Inihanda ang resource na ito para tulungan ang mga empleyado at employer na maunawaang ang ilan sa mga minimum na karapatan at pananagutang nakatatag sa ilalim ng *Batas sa mga Pamantayan sa Trabaho, 2000* (*Employment Standard Act, 2000*, ESA) at mga regulasyon. Hindi ito ligal na payo. Hindi nito layunin na palitan ang ESA o ang mga regulasyon at ang opisyal na bersyon ng batas ang laging gawing reperensya. Bagaman sinisikap naming tiyakin na ang impormasyon sa resource na ito ay bago at tumpak hangga't maaari, nagkakaroon ng pagkakamali panapanahon. Mga minimum na pamantayan lamang ang ibinibigay ng ESA. May mas maraming karapatan ang ilang empleyado sa ilalim ng kontrata sa trabaho, sa sama-samang kasunduan, sa karaniwang batas o iba pang lehislasyon.

Nagtatakda ang *Batas sa mga Pamantayan sa Trabaho, 2000* (*Employment Standards Act*, 2000, ESA) ng mga minimum pamantayan para sa karamihan ng mga lugar ng trabaho sa Ontario, kabilang na ang mga oras ng trabaho at bayad sa overtime. Nagbibigay ang dokumento ng impormasyon na ito ng impormasyon tungkol sa mga pangkalahatang tuntunin sa Ontario tungkol sa mga oras ng trabaho at bayad sa overtime.

Sa ilalim ng ESA, ang ilang trabaho o industriya ay may mga espesyal na tuntunin o hindi kabilang sa mga oras ng trabaho at overtime. Para sa higit pang impormasyon at para malaman kung ang trabao mo ay may mga espesyal na tuntunin o hindi kasama rito, magpunta sa Ontario.ca/ESAtools.

Mga oras ng trabaho

Hindi ka puwedeng obligahing magtrabaho ng higit sa walong oras sa isang araw o sa bilang ng mga oras sa iyong regular na araw ng trabaho kung ang iyong regular na araw ng trabaho ay mas mahaba sa walong oras. Hindi ka rin puwedeng obligahing magtrabaho ng higit sa 48 oras sa isang linggo.

Mga oras ng pahinga at oras ng pagkain

Dapat kang mabigyan ng iyong employer ng 30-minutong oras sa pagkain pagkatapos magtrabaho ng hindi lalampas sa limang oras, o dalawang mas maikling oras ng pagkain na katumbas ng 30 minuto na nakapaloob sa habang limang oras, kung sang-ayon ang employer at empleyado.

Dapat kang mabigyan ng iyong employer ng 11 tuloy-tuloy na oras ng pahinga sa bawat yugtong 24 na oras. Dapat meron ka ring tuloy-tuloy na 24 oras ng pahinga sa bawat isang linggong trabaho, o 48 oras na tuloy-tuloy na pahinga kada dalawang linggong trabaho.

Dapat kang mabigyan ng iyong employer ng walong oras na pahinga sa pagitan ng mga palitan (shift). Hindi kapit ito kung ang kabuuang oras na ipinagtrabaho sa dalawang palitan (shift) ay hindi higit sa 13 oras, o sinang-ayunan mo at ng iyong employer sa sulat na tatanggap ka nang mababa sa walong oras na pahinga sa pagitan ng mga palitan (shift).

Para makalkula ang mga yugtong ito, subukan ang Self-Service Tool ng mga Pamantayan sa Trabaho sa Ontario.ca/ESAtools.

Mga sobrang oras ng trabaho

Puwede ninyong pagkasunduan ng iyong employer sa sulat na magtatrabaho ka ng higit sa:

- walong oras sa isang araw o ayon sa kanilang nakatatag na regular na araw ng pagtatrabaho - kung mas mahaba ito kaysa sa walong oras;
- 48 oras sa isang linggo.

Hindi mo kailangang sumang-ayon na magtrabaho ng labis na oras.

Kung sasang-ayon ka na magtrabaho ng sobrang oras, hindi ka makapagtatrabaho ng higit sa dami ng oras na nakasaad sa inyong kasunduan.

Puwede mong kanselahin ang kasunduang ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyong employer ng dalawang linggo ng nasusulat abiso. Puwede ring kanselahin ng iyong imployer ang kasunduan sa pamamagitan ng pagbibigay ng makatwirang abiso. Kapag nakansela na ang inyong kasunduan, hindi ka na makapagtatrabaho ng sobrang oras.

Kung kinakatawan ka ng isang trade union, puwedeng gumawa ng kasunduan ang iyong union sa iyong employer para sa iyo.

Para sa higit pang impormasyon sa mga oras ng trabaho, kabilang na ang mga kasunduan sa sobrang oras, magpunta sa Ontario.ca/hoursofwork.

Bayad sa overtime

Kadalasan, dapat kang mabigyan ng iyong employer ng bayad sa overtime kung nagtrabaho ka ng higit sa 44 na oras sa isang linggo. Ang bayad sa overtime ay 1½ times sa iyong regular rate na bayad.

Puwede kang makatanggap ng may bayad na oras ng pahinga sa halip na bayad sa overtime kung ikaw at ang iyong employer ay sang-ayon dito sa kasulatan. Ibinibigay ang may bayad na oras ng pahinga sa 1 ½ oras na pahinga para sa bawat oras ng overtime na ipinagtrabaho. Dapat kunin ang oras ng pahinga sa loob ng naipong tatlong buwan.

Pagkalkula ng average ng overtime

Puwede mong sang-ayunan at ng iyong employer sa kasulatan na i-average ang iyong mga oras sa dalawa, tatlo o apat na buwan para malaman ang bayad sa overtime, kung mayroon man. Ibig sabihin nito, ang iyong bayad sa overtime ay ibabatay sa average na bilang ng mga oras na nagtrabaho ka sa yugtong nakasaad sa kasunduan sa halip na sa bawat linggo. Hindi mo kailangang sang-ayunan ang pag-average ng overtime kung ayaw mo.

Ang mga kasunduang ito ay dapat naglalaman ng petsa ng pagsisimula, petsa ng pagkapaso at karaniwan na hindi lalampas ng dalawang taon. Kadalasan, hindi mo puwedeng wakasan at ng iyong employer ang kasunduan sa pagkalkula ng average bago ang petsa ng pagkapaso, maliban nalang kung ikaw at ang iyong employer ay sang-ayon, sa sulat, na wakasan ito. Kungkinakatawan ka ng trade union, puwedeng itong gumawa ng kasunduan sa iyong employer para sa iyo. Tatagal ang mga kasunduang ito ng hindi lalampas sa kapag ang kasunod na pinagsama-samang kasunduan ay magkabisa.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kasunduan sa overtime at pag-average, bumisita sa Ontario.ca/overtime.

Hindi ka puwedeng parusahan sa pagtanong ng tungkol sa o paggamit ng iyong mga karapatan sa ESA

Kung magtatanong ka tungkol sa ESA o gagamitin mo ang iyong mga karapatan sa ESA, hindi ka puwedeng parusahan sa anumang paraan, kabilang na ang pagsisante sa iyo.

Hindi ka puwedeng sumang-ayon na isuko ang iyong mga karapatan

Hindi ka puwedeng sumang-ayon o pumirma ng kontrata para isuko ang alinman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA. Ang ganitong mga kasunduan o kontrata ay walang bisa. Halimbawa, kung pipirma ka ng kontrata na sinasabing hindi ka kailangang bayaran sa overtime ng iyong employer, ang ganitong kasunduan ay magiging walang bisa.

Para sa higit pang impormasyon o para magsampa ng claim

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa ESA, bumisita sa Ontario.ca/ESAguide.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa ESA, maaari ka ring tumawag sa Employment Standards Information Centre sa 416-326-7160, libre sa 1-800-531-5551, o TTY 1-866-567-8893. Available ang impormasyon sa maraming wika.

Kung sa palagay mo hindi mo natatanggap ang iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA, puwede kang magsampa ng claim sa Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development sa Ontario.ca/ESAclaims.